Ibigay ninyo ito sa kanya, sapagkat ang pinakamainam sa inyo,yaong pinakamabuti sa inyo magbayad

Ayon kay Abē Hurayrah malugod si Allāh sa kanya-Tunay na ang isang lalaki ay dumating sa Propeta-pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan-naniningil ng utang sa kanya, naging mapusok siya sa kanya,kaya nagalit ang kanyang mga kasamahan.Nagsabi ang Sugo ni Allāh pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan-:((Hayaan ninyo siya, sapagkat ang nagmamay-ari ng karapatan ay may katuwiran)) Pagkatapos ay Nagsabi siyang:((Bigyan ninyo siya ng kamelyong kasing gulang ng kamelyo niya))Nagsabi sila:O Sugo ni Allāh! Wala kaming natagpuan maliban sa mas mataas sa gulang [ng kamelyo niya], Nagsabi siya:((Ibigay ninyo ito sa kanya, sapagkat ang pinakamainam sa inyo,yaong pinakamabuti sa inyo magbayad))

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Mayroon isang lalaki na nagkautang sa Propeta pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan-at nakahiram siya sa lalaking ito ng maliit na kamelyo,Dumating siya sa Propeta-pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan-na naniningil ng pagkakautang sa kanya at naging mapusok siya sa paniningil niya.Kaya ninais ng mga kasamahan ng Propeta pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan-na paluin nila ito dahil sa pagiging mapusok niya sa Propeta-pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan-at masamang pag-asal niya sa kanya, Ang sabi ng Sugo ni Allāh pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan:Hayaan ninyo siyang sabihin ang ninanais niya, at huwag kayong manakit sa kanya,Sapagkat ang nagnamay-ari ng karapatan ay mayroong karapatan sa paniningil ng pagkaka-utang sa Kanya na mabayaran ang utang at ang mga tulad pa nito,subalit may kasamang magandang asal sa paniningil,subalit ang pag-aalipusta,pang-iinsulto at paninirang-puri, ay hindi kabilang sa magandang asal ng Muslim.Pagkatapos ay inutos ng Propeta-pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan-sa mga kasamahan niya, na bigyan siya ng kamelyo mula sa mga kamelyo bilang kawanggawa,na katulad ng kamelyo niya sa gulang.Ang sabi nila:Wala kaming matagpuan maliban sa kamelyo na mas malaki sa kamelyo niya.Ang sabi niya:Bigyan ninyo siya ng kamelyo na mas malaki sa kamelyo niya; Dahil ang pinakamainam sa inyo, sa pakikisalamuha sa mga tao,at may pinakamaraming gantimpala, ay yaong may pinakamabuti sa inyo sa pagbabayad ng mga karapatan,sa pinagkakautangan niya o sa iba pa.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/3628